Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA FONTANA LEISURE PARKS, CLARO M. RECTO HIGHWAY, CLARK FREEPORT, ANGELES, PAMPANGA NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

HINDI NAKADALO:

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA — Kasangguni

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 129-2019

ISANG KAPASIYAHAN MULA SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. NOEL G. PINEDA AT NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LALAWIGAN NG BULACAN – KGG. DANIEL R. FERNANDO NA MAKAHIRAM NG BACKHOE, BARGE, AT IBA PANG MAGAGAMIT NA EQUIPMENT SA PAGHUHUKAY AT PAGLILINIS NG KAILUGAN O DAANG TUBIG NA SAKOP NG LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS
ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE

SAPAGKAT, isa sa mithiin ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ang maisaayos ang kalalagayan ng kailugan na sakop nito, at tungo na rin sa ikagiginhawa ng lagay ng pamumuhay ng mga mamamayan na malapit sa mga daang tubig na lubos na naaapektuhan ng pagbaha sa kani-kanilang lugar;

SAPAGKAT, ilan sa mga suliranin ng Lungsod ang pagbaha sa mga mababang barangay na sakop nito at bilang pagsasaayos na rin ng mga daang tubig nito ay kakailanganin ng mga *heavy equipments* gaya ng *backhoe, barge* at iba pa;

SAPAGKAT, bilang pagsuporta sa Supreme Court's Mandamus G.R. No. 171947 noong ika-18 ng Disyembre, 2008, na kung saan ay inatasan ang mga pamahalaang lokal na maisaayos at malinis ang mga daang tubig na malapit sa Manila Bay;

SAPAGKAT, bilang pagsuporta na rin sa Memorandum Circular No. 2019-09 ng Department of the Interior and Local Government noong ika-24 ng Enero, taong kasalukuyan, patungkol sa lingguhang pagsasagawa ng *clean-up drive* ng *coastal areas* at daang tubig ng 5,700 na mga barangay ng ibat-ibang lalawigan tungo sa rehabilitasyon at preserbasyon ng Manila Bay;

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Malolos ay miyembro ng Alyansa ng mga Baybay Bayan sa Lalawigan ng Bulacan at Pampanga (ABB-BP), na naglalayon na makagawa ng solusyon sa suliranin sa *Fluvial* at *Tidal Flooding* sa mga lugar na nabanggit;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI — KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI — KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI — KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI — KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI — KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI — KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 458 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na tungkulin ng Sangguniang Panlungsod ang pagpapatibay ng mga ordinansa at paggawa ng mga Kapasiyahang kinakailangan para sa mabisang pamamahala sa lungsod, kabilang dito ang pangangalaga sa mga kapakanan at pagsasaayos ng kalalagayan ng bawat mamamayan na nasasakupan nito;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa Punong Lalawigan – Kgg. Daniel R. Fernando na makahiram ng *backhoe, barge* at iba pang magagamit na *equipment* sa paghuhukay at paglilinis ng kailugan o daang tubig na sakop ng Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

***KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI – ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI – SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/~~DI-PINAGTITIBAY~~:**

Agosto 19, 2019
**Petsa ng Pagtitibay:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*081919